

MAGHANDA SA ISANG BAGYO

Ang mga banta ng mga bagyo ay kinabibilangan ng malakas na hangin, malakas na pag-ulan, mga storm surge, pagbaha sa baybayin at kalupaan, mga rip current, buhawi at pagguho ng lupa.



FEMA

FEMA V-1006/Setyembre 2023

Ang mga bagyo (tinatawag ding mga typhoon at cyclone) ay napakalaking system ng bagyo na nabubuo sa ibabaw ng mainit na tubig sa karagatan at lumilipat patungo sa lupa.


Ang mga Bagyo . . .



ay maaaring mangyari sa anumang baybayin o teritoryo ng U.S.



ay maaaring makaapekto sa mga lugar na higit sa 100 milya mula sa baybayin.



ay pinaka-aktibo kapag Setyembre.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI MULA SA HURRICANE

Alamin ang lugar ng paglikas at isipin ang iyong personal na panganib.



Lumikas kaagad kung sasabihang gawin ito. Kung hindi, sumilong mula sa malakas na hangin, sa itinalagang tuluyan o sa isang nasa loob na silid.

Gumawa ng plano ng paglikas AT maging handang sumilong sa lugar.



Bumalik, huwag malunod! Huwag maglakad, lumangoy o magmaneho sa tubig baha.

Subaybayan ang mga komunikasyon at sundin ang mga tagubilin ng mga lokal na awtoridad.



Gumamit ng mga generator sa labas lamang at malayo sa mga bintana.

PAANO MANATILING LIGTAS KAPAG MAY BANTA NG BAGYO

Maghanda NGAYON

Alamin ang panganib ng iyong lugar sa mga hurricane at isipin ang iyong personal na panganib na makaranas ng mga epekto nito.

Repasuhin ang iyong polisa sa seguro para sa saklaw ng panganib na dala ng hurricane. Hindi saklaw ng mga karaniwang polisa sa seguro ang pagbaha — maaaring kailanganin mong bumili ng mga karagdagang polisa.

Mag-sign up upang makatanggap ng mga alertong pang-emergency at mga abiso mula sa iyong lokal na tanggapan ng pamamahala sa emerhensiya. Alamin ang ibig sabihin ng mga karaniwang alerto at babala bago ka maapektuhan ng isang hurricane.

Subaybayan ang mga ulat ng panahon at mga update mula sa National Hurricane Center. Maging alerto sa malakas na ulan.

Ugaliing pumunta sa isang ligtas na tuluyan dahil sa malakas na hangin, tulad ng isang silid na ligtas sa FEMA, isang 500 na storm shelter sa International Code Council (ICC, acronym sa Ingles) o isang maliit na silid sa loob na walang bintana sa isang matibay na gusali. Siguraduhin na ang iyong ligtas na tuluyan ay nasa pinakamababang lebel na hindi aabutin ng tubig-baha.

Bumuo ng planong pang-emerhensiyang komunikasyon na magagamit mo para makipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan at kapitbahay sa panahon ng hurricane. Magplanong mag-text o mag-message dahil maaaring hindi ka makatawag o matawagan sa telepono.

Bumuo ng plano sa paglikas batay sa iyong evacuation zone. Isipin kung saan ka lilikas at kung paano makakarating doon. Sanayin ang iyong plano gamit ang iyong ruta ng paglikas.

Magtipon ng sapat na pagkain, tubig at mga pang-emerhensiyang supply upang tumagal ng ilang araw. Tandaan ang mga kailangan ng bawat tao, kabilang ang gamot. Huwag kalimutan ang mga kailangan ng mga alagang hayop.

Panatilihin ang mahahalagang dokumento sa isang tuyo at ligtas na lugar gaya ng kahong hindi nasusunog at hindi tinatagusan ng tubig, at gumawa ng mga digital na kopyang protektado ng password.

Protektahan ang iyong ari-arian. Mag-install ng mga hurricane shutter o palakasin ang mga bintana. Linisin ang mga alulod at kanal. Ipasok ang mga panlabas na gamit at muwebles o ilipat sa loob ng bahay.

Makaligtas HABANG

Lumikas kaagad kung iniutos na gawin ito. Dalhin ang mahahalagang supply at dokumento. Sundin ang mga ruta ng paglikas at mga direksyon mula sa mga lokal na opisyal. Huwag magmaneho sa may mga barikada. Mag-ingat sa pagmamaneho at sa malakas na hangin at malakas na ulan.

Kung hindi ka lumikas, pumasok sa loob ng bahay at lumayo sa mga bintana at pintuan.

- **Kung walang pagbaha, tiyaking ang iyong ligtas na tuluyan ay nasa pinakamababang lebel** na hindi aabutin ng tubig-baha. Sumilong sa isang ligtas na silid ng FEMA, isang 500 na storm shelter sa ICC o isang maliit na silid sa loob na walang bintana sa isang matibay na gusali.

- **Kung may pagbaha, pumunta sa pinakamataas na lebel ng gusali** upang maiwasang ma-trap ng tumataas na tubig baha ngunit huwag umakyat sa saradong attic.

Pumasok sa isang ligtas na tuluyan o isang matibay na gusali sa lalong madaling panahon kung ikaw ay nasa labas, sa isang sasakyan, sa isang mobile home, o sa isang pansamantalang istraktura sa panahon ng isang hurricane.

Pakinggan ang mga update mula sa mga istasyon ng lagay ng panahon at ng balita para sa mga impormasyon. Sundin ang payo ng mga lokal na awtoridad. Kumilos kapag pinayuhan na gawin ito.

Gumamit ng generator, camp stove o ihawan sa labas LAMANG, at hindi bababa sa 20 talampakan ang layo sa anumang bukas sa gusali tulad ng mga bintana, pinto o garahe. upang maiwasan ang pagkalason sa carbon monoxide.

Bumalik, huwag malunod! Huwag maglakad, lumangoy o magmaneho sa tubig baha. Tutumba ka sa anim na pulgada lang ng mabilis na tubig, at sa isang talampakan ng umaagos na tubig, maaaring tangayin ang sasakyan mo..

Huwag magmaneho kapag may hurricane. Maaaring mabaligtad ng mga bugso ng hangin ang mga sasakyan at maaaring gumuho ang mga kalsada at tulay.

Tipirin ang mga baterya ng mobile device para sa emergency.

Maging Ligtas PAGKATAPOS

Sundin ang gabay ng mga lokal na awtoridad sa muling pagpasok at umuwi lamang mula sa paglikas kapag ligtas na gawin ito.

Hayaang suriin ng isang propesyonal ang iyong nasirang ari-arian bago linisin o ayusin ang anumang pinsala. Magsuot ng proteksiyon na damit at mag-ingat habang naglilinis.

Lumayo sa tubig baha. Ang tubig-baha ay maaaring may iba't ibang panganib, kabilang ang mga matutulis na bagay, mga linya ng kuryente, dumi sa alkantarilya, bakterya, kemikal at wild o ligaw na hayop.

I-save ang mga tawag sa telepono para sa mga emergency. Madalas na sira o abala ang mga system ng telepono pagkatapos ng sakuna. Gumamit ng mga text message o social media upang makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan.

Idokumento ang anumang pinsala sa ari-arian kasama ang mga larawan. Makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng seguro upang maghain ng claim sa seguro. Magrehistro sa FEMA para sa karagdagang tulong.

Ikaw ang tutulong hanggang sa dumating ang tulong. Mag-ingat sa pagtulong sa mga taong maaaring na-trap o nasugatan. Ang tubig-baha ay maaaring may mga panganib at maaaring hindi matatag ang mga gusali.

Umako ng Aktibong Tungkulin sa Kaligtasan Mo

Pumunta sa **Ready.gov/hurricanes** (mga link sa isang webpage sa Ingles) at gamitin ang FEMA's **Guide for Alerts and Warnings** upang malaman pa ang tungkol sa mga pag-iingat sa hurricane at mga babala. I-download ang **FEMA app** upang makakuha pa ng impormasyon tungkol sa kung paano maghanda.



FEMA

FEMA V-1006